# TRUTH BE TOLD



# Ang Talinghaga ng Sampung Mina

## NOTES

## WARM-UP

- Kung ikaw ay may kayamanang walang hangganan, ano ang bibilhin mo ngayong araw? Bakit ito ang bibilhin mo?
- Sino ang pinakamatapat mong kaibigan? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapaliwanag nito.
- Ano ang isang talento o kakayahan na gusto mo pang pagyamanin? Bakit ito ang iyong napili?

**WORD**

*"Bago siya umalis, tinawag niya ang sampu sa mga alipin niya at binigyan sila ng magkakaparehong halaga ng pera. Pagkatapos, sinabi niya sa kanila, 'Gawin ninyo itong puhunan sa negosyo hanggang sa bumalik ako.'"*
**LUCAS 19:13**

(Basahin din ang **LUCAS 19:11-27**.)

---

Ang talinghaga ng sampung mga mina ay nagbigay ng kwento tungkol sa isang hari na ipinagkatiwala ang kanyang kayamanan sa kanyang mga alipin. Pinuri ng hari ang mga alipin na naging maayos ang paggamit sa kanyang kayamanan. Sa parehong paraan, dapat nating maintindihan na ang lahat ng mayroon tayo ay pag-aari ng Diyos, at tayo ay mga katiwala ng mga pagpapalang ito. Ano ang ibig sabihin ng pagiging isang katiwala at ano ang hihingin nito sa atin? Ang mga sumusunod ay mga aral na maaari nating matutunan sa talinghagang ito.

## 1 Kailangan nating maging matapat.

*[13]"Bago siya umalis, tinawag niya ang sampu sa mga alipin niya at binigyan sila ng magkakaparehong halaga ng pera. Pagkatapos, sinabi niya sa kanila, 'Gawin n'yo itong puhunan sa negosyo hanggang sa bumalik ako.' . . . [17]Sinabi ng hari, 'Magaling! Mabuti kang alipin! At dahil naging tapat ka sa kakaunting ipinagkatiwala sa iyo, pamamahalain kita sa sampung bayan.'"* **LUCAS 19:13,17**

May mga kayamanang ipinagkatiwala sa atin ang Diyos at dapat tayong maging mga mabuting katiwala ng mga ito. Maliit man o malaki ang ibinigay Niya sa atin, dapat tayong maging matapat sa pangangalaga ng mga ito. Sa palagay mo, bakit natutuwa ang Diyos sa katapatan? Paano Niya sinusuklian ang pagiging matapat? (Lucas 19:17)

## 2 Kailangan nating maging mabunga.

*"Sinabi ng hari sa mga naroon, 'Kunin ninyo sa kanya ang pera, at ibigay sa tumubo ng sampu.'"* **LUCAS 19:24**

Ang pagiging isang katiwala ay hindi lamang nangangahulugan ng pag-iingat sa mga ibinigay sa atin ng Diyos kundi ng pagpapalago dito. Ang Diyos ay nagdadagdag sa mga ipinagkatiwala na Niya sa atin upang tayo ay maging pagpapala sa iba at upang sa huli ay maparangalan Siya. Ano ang dapat nating gawin upang tayo ay magkaroon ng maraming bunga? (Juan 15:5)

.................................................................................................

.................................................................................................

.................................................................................................

## 3 Kailangan nating magkaroon ng takot sa Diyos.

[21] *". . . dahil natatakot ako sa inyo. Alam ko kasing mabagsik kayo; kinukuha ninyo ang hindi ninyo pinaghirapan at inaani ninyo ang hindi ninyo itinanim.'* [22] *Sinabi ng hari,'Masamang alipin! Hahatulan kita ayon sa sinabi mo. Alam mo palang mabagsik ako, na kinukuha ko ang hindi ko pinaghirapan at inaani ko ang hindi ko itinanim.'"* **LUCAS 19:21,22**

Itinago ng mangmang na alipin ang mina na ipinagkatiwala sa kanya dahil sa takot na siya ay maparusahan. Minsan, tayo ay may pag-iisip na parurusahan tayo ng Diyos tuwing tayo ay gagawa ng pagkakamali. Ang Diyos ay makatarungan, subalit dapat nating maintindihan na Siya rin ay mapagmahal. Bilang Kanyang mga anak, dapat nating matutunan na katakutan Siya. Ibig sabihin nito ay dapat na ituring natin Siya nang may paggalang at pagpaparangal. Ano ang bunga ng ganap na pag-ibig ng Diyos sa atin? (1 Juan 4:18)

.................................................................................................

.................................................................................................

.................................................................................................

## APPLICATION

- Ano ang ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos upang pangasiwaan mo? Simula ngayong linggo, paano mo magagawang maging matapat sa anumang ibinigay Niya sa iyo?
- Sabi ng Salita ng Diyos na ang mga sanga na nagbubunga ay dapat putulan upang lalo pang mamunga (Juan 15:2). Sa anong bahagi ka pinuputulan ng Diyos upang lalo ka pang mamunga? Paano mo magagawang tumugon sa pagputol ng Diyos ngayong linggo?
- Paano mo nakikita ang Diyos? Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang makita kung sino talaga Siya?

## PRAYER

- Ihayag ang katapatan ng Diyos sa iyong buhay. Hingin ang kakayahan upang maging matapat sa Kanya at sa kung anuman ang ipinagkatiwala Niya sa iyo.
- Ipanalangin ang pagiging mabunga sa lahat ng bahagi ng iyong buhay. Sa iyong Victory group, ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang maging pagpapala sa mga tao sa paligid mo.
- Hingin sa Diyos na magkaroon ka ng wastong pagkatakot sa Kanya. Ipanalangin na habang nangyayari ito, lumago ang iyong karunungan (Mga Kawikaan 1:7).

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph